

PAG-IBIG SA PANAHOON NG KOLERA

Gabriel Garcia Marquez
Salin ni John Jack G. Wigley

Kabanata 1

Hindi ito maiiwasan: ang amoy ng mapait na almendras na nagpapaalala ng kapalaran ng bigong pag-ibig. Ramdam ni Dr. Juvenal Urbino ito nang pumasok sa madilim na bahay kung saan madali niyang tinugon ang tawag sa kaso na para sa kanya ay wala nang pag-asang tugunin pa ilang taon na ang nakararaan. Ang Antilyong takas na si Jeremiah de Saint-Amour, isang baldadong beterano ng giyera, potograper ng kabataan, at pinakakasundong kalaban sa larong chess, ay kumawala na sa parusa ng alaala bunga ng usok ng cyanide.

Natagpuan niya ang bangkay na nakabalot ng kumot sa kama kung saan ito natutulog, katabi ang isang bangkito na may nakapatong na bandeha ng pinasingaw na lason. Sa sahig, nakatali sa kama ang isang walang buhay na itim na aso na may puting dibdib, at sa tabi nito ay mga saklay. Mababanaag ang buwang-liwayway sa bintana at naiilawan ang loob ng kuwarto na nagsisilbing tulugan at laboratoryo, ngunit may sapat na liwanag para makilala niya ang sanhi ng kamatayan. Ang ibang bintana, gaya ng ilang butas sa kuwarto, ay nababalutan ng basahan at natatakpan ng maitim na karton. Puno ng mga bote at garapon na walang marka ang isang depatso, at may dalawang sirang bandeha sa ilalim ng ordinaryong bombilya na nakabalot ng pulang papel. Ang pangatlong bandeha, na para sa fixative solution, ay katabi ng bangkay. Nagkalat ang mga lumang babasahin, mga negatibo ng plates, at mga sirang muwebles, ngunit ang lahat ay hindi

naalikabukan. Dalisay na pumapasok ang sariwang hangin sa bintana ngunit hindi maikakaila sa marunong kumilala ang naghihinalong baga ng kalunos-lunos na pag-ibig sa mapapait na almendras. Naisip ni Dr. Juvenal Urbino na ito’y isang hindi nababagay na lugar para pumanaw nang may dignidad. Sa kalaunan, napagtanto rin niyang ang nangyaring ito ay isang malaking pagsuway sa kalooban ng Poong Maykapal.

Isang inspektor kasama ng isang batang mediko na tinatapos ang kasanayang forensic ang pumasok at sila ang nagpahangin ng kuwarto at nagbalot ng bangkay habang hinihintay ang pagdating ni Dr. Urbino. Binati nila ito nang may bahid ng dalamhati at hindi ng pamimitagan, sapagkat walang nakakaalam ng antas ng pagkakaibigan nila ni Jeremiah de Saint-Amour. Kinamayan niya ang mga ito, gaya ng ginagawa niya sa bawat estudyante bago ang klase ng general clinical medicine, at pagkatapos, parang bulaklak, hinawakan niya ang laylayan ng kumot sa dulo ng kanyang hintuturo at hinlalaki, at marahang binuksan ang nakabalot na katawan nang may ibayong pag-iingat. Hubo’t hubad si Jeremiah de Saint-Amour, matigas na at balikuko, bukas ang mga mata, nangingitim ang katawan, at mistulang mas matanda ng limampung taon kaysa noong nakaraang gabi. Maningning ang kanyang mga balintataw, naninilaw ang buhok at balbas, at may peklar na tahi sa bandang tiyan. Ang paggamit ng mga saklay ang nagpalaki ng kanyang torso at mga braso gaya ng mga alipin ngunit ang kanyang mga binti ay sinliit gaya ng sa mga batang ulila. Pansamantalang pinag-aralan ni Dr. Juvenal Urbino ang bangkay, nananakit ang puso sa kabila ng maraming taong sinasagupa ang kamatayan.

“Gago’ng yun,” wika niya. “Tapos na siya.”

Binalot niya uli ang katawan at nanumbalik ang kanyang sarili. Ang ikawalumpung kaarawan ay naidaos nu’ng isang taon sa tatlong araw na selebrasyon, at sa kanyang talumpati, idiniin niyang hindi pa rin siya magreretiro. Sabi niya: “Marami akong oras para magpahinga bago pumanaw,

pero wala pa ito sa mga plano ko ngayon.” Bagaman hindi na siya gaanong nakakarinig sa kanang tenga, at kailangan na niyang maglakad gamit ang pilak na tungkod, patuloy pa rin siyang nakasuot ng ternong linen, na may gintong relong tanikala sa kanyang tsaleko gaya nang nakagawian niyang isuot noong kanyang kabataan. Ang kanyang balbas na kulay perlas, at buhok na ganoon din ang kulay at maingat na nasuklayan at nahati sa gitna, ay tanda ng kanyang pagkatao. Tinumbasan niya ang unti-unting pagbagsak ng kanyang memorya sa pamamagitan ng paglista at pagsulat sa maliliit na papel na itinago sa mga bulsa na lalong nagpalito sa kanya, gaya ng mga instrumento, bote ng gamot, at iba pang bagay na halu-halong nakalagay sa kanyang medical bag. Hindi lang siya ang pinakamatanda at pinakasikat na doktor sa lungsod. Siya rin ang pinakamaselan. Gayunpaman, ang pamamaraan kung paano gamitin ang kapangyarihan ng kanyang pangalan ang nagbigay sa kanya ng admirasyon ng lahat.

Mabilis at eksakto ang mga bilin niya sa inspektor at intern. Hindi na kailangan ng awtopsiya; malakas na katibayan ang amoy-usok na cyanide sa buong kabahayan na pinalala ng bandeha ng photographic acid ang siyang dahilan ng kamatayan, at alam mismo ni Jeremiah de Saint-Amour na ito’y hindi isang aksidente. Noong nagpakita ng alinlangan ang inspektor, binara niya ito at sinabing: “Huwag mong kalilimutan na ako ang pumipirma ng death certificate.” Dismayado ang batang doktor: hindi niya napag-aralan ang epekto ng gintong cyanide sa bangkay. Gulat si Dr. Urbino na hindi pa niya nakita ito sa Medical School, ngunit napagtanto niyang baguhan pa lang ito sa lungsod dahil sa punto nito. Sabi niya: “Mabibigyan ka rin ng pagkakataong magawa ito dahil merong bigong taong gagawa nito dahil sa pag-ibig.” Matapos sabihin ito, saka lang niya naisip na sa dinami-dami ng mga suicide na naaalala niya, ito pa lang ang una na hindi pag-ibig ang dahilan. May nabago sa tono ng kanyang boses.

“At ‘pag nahanap mo, obserbahan mo nang mabuti,” sabi niya sa intern: “taglay nila ang kristal sa kanilang mga puso.”

Nakipag-usap siya sa inspektor na parang kanyang tauhan. Inutusan niyang huwag nang gawin ang lahat ng legal na pamamaraan ng imbestigasyon dahil ang burol ay gagawin na mamayang hapon. Dagdag niya: “Kakausapin ko si Meyor mamaya.” Alam niyang nabuhay si Jeremiah de Saint-Amour sa matinding kagipitan at kumita lang siya nang sapat sa kanyang sining, kaya maaring meron sa isa sa mga kahon sa kabahayan ng perang sapat lamang para sa kanyang pagpapalibing.

“Sakaling wala kang makita, hindi na bale,” wika niya. “Ako na ang bahala sa lahat.”

Binilin niya na sabihin sa press na natural cause ang ikinasawi ng potograper. Dagdag niya: “Kung kinakailangan, kakausapin ko ang gobernador.” Alam ng inspektor na hindi palakaibigan ang doktor kaya nagulat siya sa hangad nitong tapusin agad ang imbestigasyon para mapabilis ang burol. Ang hindi lang niya kayang gawin ay makipag-usap sa arsobispo para mailibing si Jeremiah de Saint-Amour sa lupa. Gulat ang inspektor dito kaya gumawa siya ng dahilan.

“Hindi ba santo ang nasawi?” tanong niya.

“Higit pa roon,” hirit ni Dr. Urbino. “Isang santong ateista. Pero ang Diyos na ang bahalang humusga.”

Sa kabilang ibayo ng lungsod, kumakalembang ang mga kampana ng katedral para sa misa ng Pentekostes. Sinuot ni Dr. Urbino ang kanyang salamin at sinipat ang tanikalang relo. Mahuhuli na siya sa misa.

Sa sala ay may isang malaking kamerang de gulong na karaniwang ginagamit sa mga pampublikong parke. Napapalamutian ang dingding ng mga litrato ng mga bata sa iba’t ibang okasyon: unang komunyon, taunang kaarawan, naka-damit kuneho. Taun-taon, sa tuwing bisita ni Dr. Urbino sa bahay na ‘yun, nailalarawan niya sa isip ang kinabukasan ng lungsod mula sa

mga 'di-kilalang batang nasa mga litrato, na hindi na rin makikilala maski ang mga abo ng nasirang potograper.

Sa lamesita katabi ng isang garapong naglalaman ng mga lumang pipa, ay isang chessboard na may 'di natapos na laro. Nagmamadali man si Dr. Urbino, hindi niya nagawang umalis na lang nang hindi napag-aaralan ang laro ng nakaraang gabi. Alam niyang mahilig maglaro araw-araw si Jeremiah de Saint-Amour tuwing takipsilim sa humigit-kumulang na tatlong kalabang manlalaro, pero natatapos niya ang bawat laro at inililigpit niya ito sa loob ng tokador. Alam ng doktor na puti ang pato niya at batid niyang matatalo siya sa loob ng apat na galaw ng chess. "Kung merong krimen, ito ay isang magandang palatandaan," sabi ni Dr. Urbino sa sarili. "Isang tao lang ang alam kong kayang gawin ito." Kung nakasalalay ang buhay niya rito, kailangang mahanap ni Dr. Urbino ang sagot kung bakit ang taong gaya ni Jeremiah de saint Amour, isang sundalo na sanay lumaban hanggang sa huling patak ng kanyang dugo, ay naiwang hindi tapos ang huling giyera ng kanyang buhay.

Habang siya'y naglilibot sa mga pasyente nang alas sais ng umagang iyon, nabasa ng tanod ang isang kalatas na nakapaskil sa pinto: *Tuloy kahit di kumatok at ipaalam sa pulis*. Mayamaya, dumating ang inspektor kasama ang intern, at hinalughog ang buong bahay para sa ebidensya laban sa mapapait na almendras. Sa loob lang ng ilang minuto na ginugol ng doktor sa pag-aanalisa ng hindi natapos na laro sa chess, nakita ng inspektor ang isang sobre na nakabalumbon sa mga papel, at naka-adres kay Dr. Juvenal Urbino. Matibay ang pagkakadikit nito at kailangan pang punitin para mailabas ang nilalaman. Binuksan ng doktor ang itim na kurtina para makapasok ang liwanag at binasa ang labing-isang pahina na masakap na isinulat, at nang mabasa ang unang talata, alam niyang mahuhuli siya sa komunyong ng Pentekostes. Binasa niya nang mataimtim, habol ang hininga, at pabalik-balik sa mga pahinang di niya gaanong naiintindihan. Nang matapos niya ito, mababanaag ang kawalan ng pag-asa sa kanyang mukha kahit pilit niyang

itinatago ito. Nangasul ang kanyang mga labi gaya ng sa bangkay at hindi niya mapigilan ang pagnginig ng kanyang mga kamay habang tinutupi ang sulat para ibulsa ito. Naalala niya ang inspektor at ang batang doktor kaya nginitian niya ang mga ito sa kabila ng kanyang pakiramdam.

“Wala naman,” rason niya. “Mga huling bilin lang.”

Hindi iyon ang buong katotohanan, ngunit hindi na nag-usisa pa ang dalawa dahil inutusan niyang baklasin ng dalawa ang isang maluwag na baldosa sa sahig kung saan nakita nila ang isang lumang libro ng mga account. Gaya nang inaasahan, wala silang natagpuang malaking pera. Sapat lang para sa pagpapalibing at sa iba pang obligasyon. Napagtanto ni Dr. Urbino na hindi na siya makakapunta sa katedral bago ang pagbasa ng ebanghelyo.

“Ito na ang pangatlong beses na lumiban akong magsimba dahil sa mga personal na kadahilanan,” sagot niya. “Pero naiintindihan Niya.”

Nagpalipas pa siya roon ng ilang minuto kahit hindi siya makatiis na ibalita ang nilalaman ng sulat sa kanyang asawa. Nangako siyang ipapaalam niya ang kamatayan sa maraming takas na Carribean na nakatira sa lungsod na gustong dumalaw dito. Siya na ang itinuturing na pinakarespetado ng lahat, pinaaktibo, at pinakaradikal, kahit sa bandang huli ay mistulang ilusyon lang ito. Ipapaalam din niya sa kanyang mga naging kalaro sa chess, mula sa pinakakilalang propesyonal hanggang sa mga walang pangalang manggagawa. Bago niya nabasa ang sulat, isa siya sa mga gustong mauna sa burol, pero ngayon ay hindi na siya sigurado. Pero sisiguruhin niyang magpadala ng korona ng gardenia. Ang burol ay alas singko ng hapon at mainam ngayong kainitan ng panahon. Kung kailangan siya doon mula tanghali, naroroon siya sa bahay ni Dr. Lacides Olivella, isang disipulo na nagpupugay ng kanyang dalawampu't limang anibersaryo sa pagdodoktor at mayroong handaang pananghalian.

Pagkatapos mapagtagumpayan ni Dr. Juvenal Urbino ang mga unang sigalot sa buhay niya, nakamit niya ang pitagan sa lalawigang iyon.

Pumailanlang siya noong nagsimula siyang uminom ng mga gamot lingid sa kaalaman ng lahat: potassium bromide para sa lakas ng loob, salicylates 'pag sumasakit ang kanyang mga buto lalo na sa tag-ulan, ergosterol para sa vertigo, belladonna para sa matiwasay na tulog. Umiinom siya nang palihim sapagkat bilang doktor, taliwas ang kanyang isip sa pagreseta ng panandaliang lunas sa matatanda. Mas madali para sa kanya ang bathin ang sakit ng iba kaysa ng sa kanya. Madalas, dala-dala niya sa kanyang bulsa ang maliit na camphor na sinisinghot niya nang palihim para maibsan ang kanyang takot sa pag-inom ng sanlaksang gamot.

Magpapalipas siya ng isang oras para sa paghahanda sa kanyang klase sa Medical School tuwing alas otso ng umaga, Lunes hanggang Sabado, hanggang sa araw ng kanyang kamatayan. Masugid din siyang magbasa ng mga libro na in-order pa niya sa Paris at Barcelona pero ginagawa lang niya ito kapag siyesta at bago matulog. Pagkatapos magbasa, nag-e-ehersisyo siya sa harap ng bintana sa kasilyas, humihinga habang nakaharap kung saan maririnig nang malakas ang pagtilaok ng mga tandang. Maliligo, aayusin ang balbas, at lalagyan ng wax ang bigote. Papahiran ng cologne ni Farina Gegenüber ang sarili, at magbibihis ng puting terno na may tsaleko, sombrero, at bota na cordovan. Sa edad na walumpu't isa, napangalagaan niya ang sarili mula nang dumating siya mula Paris sa kasagsagan ng epidemyang kolera at, maliban sa namumuting kolor, ang kanyang ayos na buhok na hati sa gitna ay gaya pa rin noong kanyang kabataan. Nag-aalmusal siya ng tamang pagkain para sa kanyang delikadong tiyan kasama ang isang ulo ng bawang na ipinapalaman niya sa tinapay para maiwasan ang atake sa puso. Pagkatapos ng klase, madalas siyang dumalo sa kanyang mga pambayang gawain, o sa simbahan, o sa kanyang artistiko at panlipunang aktibidades.

Madalas siyang kumain ng tanghalian sa bahay at magnakaw ng sampung minutong siyesta sa terasa, dinig ang mga awit ng mga babaeng alila sa ilalim ng puno ng mangga, ang mga hiyaw ng nagtitinda sa kalsada,

ang ingay ng mga motor mula sa look kung saan ang usok ay wumawagayway hanggang sa kalooban ng bahay na parang nabubulok na anghel. Pagkatapos ay magbabasa siya ng mga bagong nobela o kasaysayan, magtuturo ng Pranses, at kakantahan ang maamong loro na naging atraksyon nitong mga huling taon. Pagsapit ng alas kuwatro, matapos makainom ng malaking baso ng lemonada, dadayuhin niya ang kanyang mga pasyente. Sa kabila ng kanyang edad, hindi niya naging gawi ang makipagkita sa pasyente sa kanyang opisina. Naging debosyon na niya ang puntahan sila sa kani-kanilang mga tahanan.

Mula nang dumating siya galing Europa, madalas niyang gamitin ang karwahe sa pagbibiyaha. Ngunit nang hindi na ito naging praktikal, pinalitan niya ito ng Victoria at isang kabayo. Ginagamit pa rin niya ang karwahe paminsan-minsan at minaliit niya ang katotohanang nawawala na ito sa uso at ang mga natira na lamang sa lungsod ay ang mga nagbibigay ng libreng pasahe sa mga turista o ang nagdadala ng mga korona tuwing may libing. Bagaman ayaw pa niyang magretiro, batid niyang natatawag lang siya tuwing may espesyal na kaso. Itinuring niyang espesyal na rin ito. Alam niya agad ang problema ng pasyente sa unang tingin pa lang at naging duda siya sa gamot at operasyon. Sabi niya: “Ang scalpel ang tunay na ebidensya ng pagkabagsak ng medisina.” Sa wari niya, lahat ng gamot ay lason at sitenta porsyento ng kinakain ay pampabilis ng kamatayan. Sa klase, binabanggit niya na “ang anumang gamot na alam natin ay alam lang ng iilang doktor.” Hinubog ng medisina ang kanyang pananaw mula sa murang ideyalismo tungo sa praktikal na obserbasyon tungkol sa buhay. “Bawat isa ay kapitan ng kanyang kamatayan, at ang tanging magagawa natin ay tulongan ang sinumang harapin ito ng walang takot o pangamba.” Ngunit sa kabila ng mga taliwas na kaisipang ito na bahagi na ng lokal na paniniwala sa medisina, patuloy pa rin ang pagkonsulta ng kanyang mga masugid na estudyante kahit naging dalubhasa na sila sa kanilang larangan. Kinilala nila ang husay ng pagsipat niya bilang doktor. At kinilala siyang mahal at eksklusibong manggagamot ng mga ancestral homes sa Distrito ng mga Viceroy.

Metodiko ang kanyang iskedyul kaya alam ng kanyang asawa kung saan siya padadalhan ng mensahe sakaling may emergency. Noong bata pa, madalas siyang dumaan muna sa Parish Café bago umuwi kung saan siya naglalaro ng chess kasama ang mga kaibigan ng kanyang biyenang lalaki at takas na Carribean. Ngunit hindi pa siya nakabalik sa Parish Café mula nang dumating ang bagong siglo. Tinangka din niyang mag-organisa ng mga pambansang tournament na panukala ng Social Club. Dito niya nakilala si Jeremiah de Saint-Amour, na hindi pa potograper ng mga bata noon. Ngunit sa loob lamang ng tatlong buwan, nakilala na siya ng lahat dahil hindi siya matalo-talo sa chess. Para kay Dr. Juvenal Urbino, ang pagkikita nilang iyon ay parang milagro, noong ang chess ay naging silakbo ng kanyang damdamin at wala na siyang naging maraming kalaban sa laro na makakatalo sa kanya.

Naging lubos na protektor ni Jeremiah de Saint-Amour si Dr. Juvenal Urbino, taga-panagot niya sa lahat ng bagay, kahit hindi niya lubusang kilala kung saan galing, o kung anumang sigalot sangkot ito. Pinahiram niya ito ng pera para makapagpatayo ng photography studio. At mula nang kunan niya sa unang pagkakataon ang isang batang nagulat sa kislap ng kamera, nabayaran ni Jeremiah de Saint-Amour ang bawat kusing na nahiram niya sa butihing doktor.

Lahat iyon ay dahil sa chess. Sa simula, sila'y naglalaro tuwing alas siyete pagkatapos ng hapunan. Madalas, talo si Jeremiah de Saint-Amour dahil bagito pa pero sa kalaunan, humusay ito at pumantay na sa galing ng doktor. Nang magbukas si Don Galileo Daconte ng unang sinehan, si Jeremiah de Saint-Amour ang isa sa mga unang kostumer, at ang paglalaro ng chess ay nalimitahan sa mga gabing walang bagong pelikulang ipalalabas. Naging mabuting magkaibigan sila ng doktor at sabay silang nanonood. Hindi naisama ng doktor ang kanyang asawa sa panonood dahil una, wala itong pasensya na sumunod sa mga kumplikadong kuwento at pangalawa,

ramdam niya na hindi nito gusto si Jeremiah de Saint-Amour at hindi magandang kasa-kasama niya.

Iba ang kanyang mga Linggo. Magsisimba siya sa katedral at uuwi para magpahinga sa terasa sa patio. Madalang siyang bumisita ng pasyente tuwing araw ng Linggo maliban kung talagang emergency, at sa loob ng maraming taon, hindi siya tumanggap ng obligasyon na hindi kailangan. Ngayong Pentekostes, dalawang bagay ang hindi inaasahang mangyari: ang kamatayan ng kaibigan at silver anniversary ng isa niyang disipulo. Sa halip na umuwi gaya nang una niyang balak matapos ideklara ang kamatayan ni Jeremiah de Saint-Amour, hinayaan niyang sumunod sa agos ng kuryusidad.

Nang siya'y nasa loob na ng karwahe, muli niyang binasa ang sulat at inutusan ang kutsero na dalhin siya sa isang liblib na lugar sa old slave quarter. Naguluhan ang kutsero sa desisyon ng doktor kaya kinakailangan niyang ulitin ang narinig na utos. Wala. Walang mali; malinaw ang adres at ang lalaking sumulat nito ay may sapat na dahilan para tunguhin ito. Bumalik si Dr. Urbino sa unang pahina ng sulat para muling malunod sa mga hindi inaasahang rebelasyong nakapaloob sa sulat na iyon. Rebelasyong maski sa edad niyang iyon ay makakapagpabago sa kanyang buhay.

Nagsimulang magbanta ang langit nang umagang iyon. Maulap at malamig-lamig, ngunit walang senyal na uulan bago magtanghali. Sa kagustuhang makahanap ng mas maikling ruta, binagtas ng kutsero ang magaspang at batu-batong daan ng lungsod at kailangang humimpil para hindi matakot ang kabayo sa mga bulto-bultong taong galing sa misa. Ang mga daan ay pumpon ng mga koronang bulaklak na yari sa papel, ng musika, at ng mga babaeng may mga payong at magagarang suot na nanonood mula sa kanilang mga balkon. Sa Plaza ng Katedral kung saan ang rebulto ng Tagapagpalaya ay halos nakatago na sa mga palmeras at ilaw na globo, matindi ang trapiko dahil katatapos lang ng misa, at walang bakanteng upuan sa maingay na Parish Café. Si Dr. Urbino lang ang may karwahe na

hila ng kabayo sa lungsod; kilala ang makintab na bubungan nito na yari sa katad, mga kabit na gawa sa tanso na hindi kayang agnasin ng asin, at mga gulong at haligi na pininturahan ng pula at tinubog sa ginto gaya ng sa gala sa Vienna Opera. Taliwas sa mga ordinaryong kutsero na malinis na damit ang suot, ang kutsero ni Dr. Urbino ay nakasuot pa rin ng lumang velvet at kalo na parang ringmaster sa circus. Ito'y malaking simbolo ng anakronismo sa gitna ng tag-init na klima sa Carribean.

Bagaman walang makakapag-pasubali sa pagmamahal ni Dr. Juvenal Urbino sa lungsod, walang naging matibay na dahilan para siya magpunta sa old slave quarter isang Linggong umaga. Kailangang magpalibut-libot ang kutsero at magtanong ng direksyon para lamang makita ang bahay na hinahanap. Habang dumadaan sila sa mga latian, nakilala ni Dr. Urbino ang kahirapan ng paligid. Hindi gaya ng mga mansyon sa lungsod na gawa ng mga mason, ang mga bahay dito ay mga pinagpatungang tabla at bubungang sink, na nakatungkod lamang para labanan ang mga baha na galing sa mga alkantariya at minana pa sa mga Kastila. Mapanglaw at kahabag-habag ang paligid. Ngunit maririnig at mababanaag ang dagundong ng musika at selebrasyon ng Pentekostes ng mahihirap. At nang matagpuan na nila sa wakas ang bahay na hinahanap, isang bulto ng marurungis na bata ang humabol sa karwahe. Pinagtawanan nila ang suot ng kutsero kaya kailangang bugawin ang mga ito gamit ang latigo. Nasa isip ni Dr. Urbino na bagaman kompidensyal ang pagbisita niyang ito, huli na nang mahulo niyang wala nang mas magiging mapanganib pa sa kamusmusan at kawalang-malay ng mga bata.

Ang labas ng walang numerong bahay ay hindi kaiba sa lahat ng mga bahay sa lugar na iyon, maliban sa mga kurtinang puntas at malaking tarangkahan na nakuha pa sa isang lumang simbahan. Kumatok ang kutsero at nang masigurong tama nga ang bahay, saka lang niya tinulungan ang doktor na bumaba sa karwahe. Bumukas ang pinto nang walang langitngit.

Isang babaeng may edad, nakaitim na damit at may pulang rosas sa kanyang tenga, ang bumulaga sa pintuan. Sa kabila ng kanyang edad na hindi bababa ng kuwarenta, isa siyang mapagmalaking mulata na may taimtim na mga ginintuang mata at buhok na hapit sa kanyang bungo na parang helmet na steel wool. Hindi siya nakilala ni Dr. Urbino bagaman nakita na niya ito nang ilang beses sa mga larong chess sa istudyong potograper, at minsan na rin siyang nagreseto noong siya'y nagkalagnat. Inabot niya ang kamay sa babae at ginantihan naman ito nang hawakan niya ng magkabilang kamay, at inanyayahan siyang pumasok sa loob. Umupo ang babae sa harapan niya at nagsalita sa Espanyol na may punto.

“Bahay mo ito, Doktor,” maikli niyang sabi. “Hindi kita inaasahang dumating dito agad.”

Nadaya ang pakiramdam ni Dr. Urbino. Pinagmasdan niya ang babae, sa kanyang marubdob na pagluluksa, sa dignidad ng kanyang dalamhati, at napagtanto niyang hindi niya kailangan ang pagbisitang iyon sapagkat mas maraming alam ang babaeng ito kaysa sa kanya tungkol sa nilalaman ng sulat ni Jeremiah de Saint-Amour. Ito ang katotohanan. Naroroon siya nang mga huling oras nito, gaya ng presensiya niya sa halos kalahati ng buhay nito. Ang kanyang debosyon at masunuring pag-aalaga na gaya ng tunay na pagmamahal ay lingid sa kaalaman na lahat ng mga tao, dito man o sa lungsod. Nagkakilala sila sa isang tahanan ng mga nagpapagaling sa Port-au-Prince kung saan pinanganak ang babae at kung saan naman nagtatago ang batang puganteng potograper. Sinundan siya ng babae nang sumunod na taon at alam na ng bawat isa na magiging magkasama sila kahit hindi nila tahasang pinag-usapan. Nililinis at inaayos niya ang laboratoryo minsan sa isang linggo at hindi ito kailanman napansin maski ng makakating dila ng mga kapit-bahay. Maski si Dr. Urbino ay hindi makapaniwalang may babae si Jeremiah de Saint-Amour kung hindi lang nabanggit ito sa liham. Hirap siyang maintindihan ang dalawang malayang tao na walang nakaraan

at nabubuhay sa laylayan ng mapanghusgang lipunan ay pinili ang peligro ng bawal na pag-ibig. Paliwanag ng babae: “Ito ang kanyang hiling.” Ang isang lingid na relasyon sa isang lalaking hindi kanya kailanman ay hindi dapat kamuhian. Sa kabilang banda, mas naramdaman niyang totoo ito at mas gugustuhin niya.

Noong nakaraang gabi, nanood sila ng sine na magkahiwalay ang upuan gaya nang nakagawian nila dalawang beses kada buwan mula nang itayo ni Don Galileo Daconte, isang Italyanong imigrante, ang sinehan mula sa mga guho ng isang lumang kumbento. Pinanood nila ang *All Quiet on the Western Front*, isang pelikulang hango sa libro na naging popular noong isang taon. Nabasa ito ni Dr. Urbino at nawasak ang puso niya nito dahil sa kabarbaruhan ng giyera. Nagkita sila sa laboratoryo pagkatapos at namataan ng babae na malalim ang iniisip ng doktor, at napagtanto niyang dahil ito sa mga brutal na eksena ng mga sugatang sundalo na naghihingalo sa putikan. Sa kagustuhang maiba ang isip ng doktor, inimitahan niya itong maglaro ng chess at kusa naman siyang nagpaunlak. Wala sa isip niya ang paglalaro hanggang madiskubre niyang matatalo na siya sa apat na galaw. Saka lang niya nahinuha na ang babae ang magiging kalaban niya sa huling laro, at hindi si Heneral Jeronimo Argote na kanyang inaasahan. Pabulong siyang nagtaka:

“Hindi ako makapaniwala!”

Iginiit ng babae na hindi niya kailangan ng papuri. Talunan nang gabing iyon si Jeremiah de Saint-Amour at nang tinapos niya ang laro ng pasado alas onse ng gabi kung kailan tapos na rin ang ingay ng mga sayawan sa plaza, sinabihan niyang iwan na siya ng babae. Kailangan niyang magsulat ng liham para kay Dr. Juvenal Urbino, ang taong itinuturing niyang pinakamarangal na nakilala niya. Isang totoong kaibigan, gaya nang madalas niyang sinasabi, kahit na ang tanging bagay na nag-uugnay sa dalawa ay ang larong chess. Batid ng babae na dumating na si Jeremiah de Saint-Amour sa

hangganang ng kanyang paghihirap at ang natitirang lakas na lang sa kanya ay ang pagsulat niya ng liham. Hindi makapaniwala ang doktor.

“Kung gan’un, alam mo,” diin niya.

Hindi lang sa alam niya. Pumayag siya at tinulungan niya ang potograper na indahin ang mga paghihirap niya gaya ng pagpapalaspap din niya ng kaligayahan dito. Dahil iyon ang huling labing-isang buwan para kay Jeremiah de Saint-Amour: malupit na paghihirap.

“Tungkulin mo ang i-report siya,” sabi ng doktor.

“Hindi ko kaya,” depensa ng babae. “Mahal ko siya.”

Akala ni Dr. Urbino ay narinig na niya ang lahat nang kailangang marinig sa mundo. Maliban dito. Tinitigan niya nang deretso ang babae. Pinagmasdan ang kanyang kabuuan: tila isang dyosa sa ilog, matapang sa kanyang itim na suot, mga matang mala-ulupong, at may rosas sa kanyang tenga. Matagal na panahon sa isang ilang na tabing-dagat sa Haiti kung saan nagniig ang dalawa, binulong ni Jeremiah de Saint-Amour sa kanya: “Hindi ako tatanda.” Ipinakahulugan ito ng babae na isang dakilang dahilan para labanan ang panahon ngunit sadyang mas ispesipiko si Jeremiah de Saint-Amour. Nagdesisyon siya na kitlin ang kanyang buhay sa edad na animnapu.

Nag-animnapu siya noong ika-dalawampu’t tatlo ng Enero, bisperas ng Pentekostes. Noon siya nagdesisyon, bisperas ng pinakamahalagang pista ng Santo Espiritu sa lungsod. Walang isang maliit na detalye noong nakaraang gabi na hindi alam ng babae at madalas nila itong pag-usapan noong siya’y buhay pa. Minahal ni Jeremiah de Saint-Amour ang buhay ng may matinding silakbo sa puso. Minahal niya ang karagatan at ang pag-ibig, minahal niya ang kanyang aso at ang babae, at habang papalapit ang petsa ng kanyang desisyon, unti-unti siyang kinain ng kawalang-pag-asa. Ang kamatayan lamang ang magiging sagot at kapalaran niya.

“Kagabi, nang iwan ko siya, wala na siya dito sa mundo,” paliwanag niya.

Gusto sana niyang kunin ang aso ngunit binalaan siya nito. “Ipagpaumanhin mo pero sasama si Mister Woodrow Wilson sa akin.” Inutusan niya na itali ang aso sa isang paa ng kama pero maluwig ang buhol na ginawa ng babae para makatakas ang aso. Maaring iyon pa lang ang unang akto ng kataksilang ginawa niya kay Jeremiah de Saint-Amour. Mabilis na sumabad si Dr. Urbino at sinabing hindi umalis ang aso sa tabi niya. Sabi ng babae: “Dahil iyon ang gusto niya.” At natuwa siya sapagkat ninais din niya kagabi na samahan ang namatay na mangingibig.

“Alalahanin mo ako na isang rosas,” sabi niya.

Nakauwi na ang babae nang hatinggabi. Humiga siya sa kama na suot pa ang damit para manigarilyo at para bigyan siya ng panahong tapusin ng kalaguyo ang huling sulat. Bago mag-alas tres ng madaling araw nang magtahulan ang mga ligaw na aso, nagpakulo siya ng tubig para sa kape, nagsuot ng pamburol, at pumitas ng rosas sa patio. Naunawaan ni Dr. Urbino kung paano itakwil ang ala-ala ng babaeng iyon: ang isang taong gaya niya na walang prisipyo na maging kampante sa gitna ng dalamhati.

Sa kasagsagan ng kanyang pagbisita, lalo niyang nahulo ang ibig sabihin noon. Hindi siya dadalaw sa burol dahil iyon ang ipinangako niya sa nasirang mangingibig. Hindi siya luluha. Hindi siya muling mag-aaksaya ng natitirang panahon para sa namatay, na nakagisnang gawain ng mga biyuda sa lugar na iyon. Binalak niyang ipagbili ang bahay ni Jeremiah de Saint-Amour at lahat ng gamit nito, na ayon sa sulat, ay kanya lahat. Patuloy na siyang mabubuhay nang ayon sa kanyang kagustuhan at wala kailanmang reklamo sa peligrosong patibong ng mahihirap kung saan siya naging masaya.

Umalingawngaw ang mga salitang iyon kay Dr. Juvenal Urbino pag-uwi: “ang peligrosong patibong ng mahihirap.” Hindi ito madaling

deskripsyon. 'Pagkat ang lungsod na ito ay nakatayo pa rin sa kabila ng mga samu't saring kaganapan, kung saan nangalawang ang mga bulaklak at natunaw ang asin, kung saan walang nangyayari sa loob ng apat na siglo kundi ang mabagal na pagtanda ng mga natuyong lawrel at nakasulusok na latian. Sa panahon ng tag-lamig, bumuhos ang matinding ulan at binaha ang mga kaban at kalye. At nung tag-init, hinipan ang makapangyarihang alikabok ng mga hangin na 'di kayang buwagin ng imahinasyon at sinira ang mga bubong ng mga kabahayan at tinangay ang mga bata sa hangin. Sabado, lumikas ang mga kalunus-lunos na mulato mula sa kanilang mga tablang bahay sa latian at, tangay ang kanilang mga hayop at kagamitan, ay nanirahan sa mga mabatong tabing-dagat ng distrito. Nitong mga nakaraang taon, kita pa rin sa mga may edad na alipin ang tatak na sinunog sa kanilang mga dibdib ng nagbabagang bakal. Tuwing katapusan ng linggo, makikita silang nagsasaya nang walang humpay, naglalasing na parang wala nang bukas, at nagtatalik sa ilalim ng halaman ng ikako. At sa mga natitira pang araw, makikita sila sa gitna ng plaza at makikitid na eskinita, hawak ang mga tindang binebenta at binibili. Inilalim nila ang patay na lungsod ng kanilang buhay na maingay at masagwa.